1

"Ang galing!" buong-paghangang bulong ni Jamie McIntyre. Ang leon—ginintuan, marilag at tuso—ay nakatitig sa kanya sa mabalasik at madilaw nitong mga mata, habang ang matingkad na dilaw nitong balahibo ay tila ulap ng panganib na nakakuwadro sa nakaawang nitong mga panga at hayok nitong titig. Kumakabog ang dibdib, masiglang umikot si Jamie at patuloy na pinagmasdan ang estatwa. Napakalaki nito, halos limang talampakan ang haba mula sa nakalitaw na mga pangil hanggang sa mabalahibong buntot. Mapanganib at matipunong kabuuan—at nagbibigay pa rin ng inspirasyon ngayon kahit na walong daang taon na itong nalikha.

Higit sa sandaang beses na niyang nakita sa mga aklat ng sining ang leon na siyang bantay sa libingan ng maalamat na si Emperor Frederick II. Ngunit walang sinabi ang mga reproduksyon sa talagang nakabibighaning obra maestra na animo nakamasid sa kanya mula sa kisame ng *Palatine Chapel*, sa kaibuturan ng *Norman Palace* sa Palermo, Italy. Apat na libong milya ang nilakbay niya para lang maiguhit ito.

Kakaunti ang mga turista na bumisita sa kapilya ngayon, at nagkaroon siya ng pagkakataon na mapag-isa halos buong maghapon. Parang may pakpak na lumilipad ang mga kamay niya sa pagguhit, nagmamadaling matapos bago pa tuluyang mawala ang liwanag na tumatanglaw sa maalamat na silid, na tila may alingawngaw pa ng kapangyarihan at digmaan ng nagdaang mga panahon.

Sa wakas, bago naglaho ang sinag ng araw sa silangang bahagi ng silid, tagumpay na naisalin niya sa papel ang napakagandang leon.

Napakaalinsangan ng panahon, mula pa noong dumating siya isang linggo na ang lumipas. Ang kakatwa, kahit na taga-New England siya, balewala sa kanya ang init. Hindi rin problema kahit na walang air conditioning sa buong siyudad at para siyang nakakumot ng init. Araw-araw nagbabawas siya ng pananamit mula pagdating niya, at ngayon nga isang cotton sundress lang ang suot niya, dahilan para haplusin ng disimuladong hangin ang mga binti niya, gayundin ang manipis na panloob. Sapat ang luwang ng bestida at para siyang nakahubad na naglalakad sa makikipot at mahalimuyak na mga kalye ng siyudad.

Dating Arab city ang Palermo, at nanatili ang pagiging pansinin ng mga babae para sa mga

kalalakihan. Sa gabi, kapag unti-unti nang naglalaho ang nakamamatay na init, nililibot niya ang nilumang komunidad. Masaya siyang mapansin ang tahimik at matitiim na pagmamasid ng mga kalalakihan sa kanyang paglakad, at batid niya na walang nakahahalata na halos hubad na siya.

Kuntento sa maghapong paggawa, iniligpit ni Jamie ang mga gamit at bumaba mula sa mataas na arko ng koridor patungo sa labasan. Tinahak niya pababa ang maalwang hagdanan—ang disenyo niyon ay matarik upang magamit ng mga kabayo paakyat sa pang-itaas na mga silid.

Sa isang linggo niyang pagpapabalik-balik doon, nakilala na siya ng nagbabantay. Nginitian siya nito at buong galang na nagyukod ng ulo. Para tuloy isang reyna ang pakiramdam niya. Isang simpleng *"Buonasera"* ang sinambit niya bago tuluyang lumabas sa saldar na may mga baging ng palmera, na nasa labas ng palasyo.

Sa huling pagkakataon ay nilingon niya ang di-pinagsasawaang tanawin. Ang papalubog na araw ay tila nagpinta sa harapan ng palasyo para kuminang iyon na animo gintong kumikislap sa gitna ng mga palmera. Oras na rin para mamugad ang mga ibon. Libu-libong mga ibong golondrina ang sabayang

bumulusok at humuni sa mala-gintong kalangitan.

Dahan-dahang naglakad pauwi si Jamie. Pasumandali siyang tumigil sa ilang tindahan para bumili ng *caponata*—nagustuhan niya ang lutong iyon ng talong na may pinaghalong tamis at anghang. Bumili rin siya ng tinapay at isang bote ng *Corvo di Salaparuta* white wine. Plano niya na marahang kumain ng hapunan sa balkon ng kanyang tinutuluyan. Nasa ikatlong palapag siya, kung saan maaari niyang panoorin ang mga kapitbahay sa kalye na mag-iringan, kung di man magharutan o magtsismisan, lahat sa napakalalakas nilang mga boses. Di hamak na mas mainam pa iyon kaysa sa mga palabas sa mga lokal na istasyon ng telebisyon.

Nang marating niya ang apartment sa Via Costanza, ipinihit ni Jamie gamit ang halos antigong susi at saka itinulak pabukas ang may kabigatang pinto. Madilim ang entrada at may bahagyang amoy ng pinaghalong nilumang kahoy, limon na pulidora, at lavender na pabango mula sa mga paketeng inilagay sa mga drawer ng ochenta años niyang kasera. Tinungo niya ang lahat ng kuwarto at binuksan ang mga bintana, pati ang malaking French door patungo sa balkon. Iiwanan niyang bukas ang mga iyon hanggang mag-umaga para makasagap ng mahalumigmig na hangin.

Masasabi niyang ito ang paborito niyang oras sa buong araw, pero lahat naman ng oras ay gusto niya.

Katulad ng unti-unting pagdating ng madaling-araw, sinisinagan ang tuktok ng simbahan at *cupolas* bago kumalat sa kalangitan. O ang katanghalian sa tag-araw, kung kailan parang buhay na entity ang init at lahat ay sumisilong, naiiwan lang na nakabilad si Jamie at ilang mga asong kalye. Maging ang sandaling pagsapit ng takipsilim kapag ang buong siyudad ay nagigising mula sa mahabang siesta, na animo nakawala mula sa mahika. Pagkatapos ay histerikal na mabubuhay sa loob lang nang ilang minuto.

Napabuntong-hininga si Jamie. Wala namang pinupuntahan ang mga iniisip niya. Batid niya sa sariling gusto niya lang iwasan ang isang bagay na dapat niyang gawin.

Iyon ang bukod-tanging nakadidismaya sa dapat sana ay perpektong bakasyon niya sa Sicily, na may kasamang pagtatrabaho. May halong pagkainis na tiningnan niya ang regalo—malinis ang pagkakabalot niyon—na inilapag niya sa antigong *madia*, sa paanan ng istriktong mukha sa portrait ng lola ng kasera niya.

Nasusuklam siya sa munting regalong iyon—ang ugat ng marami niyang nasayang na oras sa pagtatangkang mai-deliver iyon sa isang tao na

imposible yatang mahanap. Kung hindi lang dahil sa kanyang lolo, sumuko na siya noong una pa lang.

Nagsalin si Jamie ng Corvo sa wine glass, bago hinawakan at inaninag iyon sa harap ng bintana. Tila naging likidong ginto iyon sa sinag ng papalipas na liwanag. At ang lasa ay nagsilbing purong araw at kasiyahan. Sinimsim niya ang kalahati ng baso, saka huminga nang malalim.

Napaamo na niya ang isang leon, 'ika nga. Ngayon, kailangan niyang magpaamo ng isa pa.

Si Stefano Leone.

Bago siya umalis patungong Sicily, ibinilin sa kanya ng abuelo ang isang munting regalo para ibigay sa isa sa mga naging estudyante nito sa summer course tungkol sa international law sa Harvard. Nanatili ang komunikasyon ng lolo niya sa mga natatanging estudyante nito. Si Stefano Leone umano ay isa sa pinakamahuhusay.

Nakilala na ni Jamie ang di lang ilan sa mga estudyante ng lolo niya sa maraming taon. Mga walang-paltos na nerd habang nasa unibersidad, at pagkatapos ng graduation ay dagliang nagbagong-anyo sa pagsusuot ng nakapapagod na amerikana, tsaleko at pantalon. Ang makipagkilala sa isang

graduate ng *Harvard Law School* ay wala sa prioridad niya. Pero dahil ipinakiusap ito ni Lolo, at dahil kahit yata lumakad nang naka-paa sa ibabaw ng nagbabagang uling ay gagawin niya para rito, kaya ngayon ay ginagawa niya ang makakaya.

Sa kasamaang-palad, si Stefano Leone na yata ang pinakamisteryosong tao sa buong Palermo.

Hindi alam ni Lolo ang tirahan ng lalaki. Ang alam lang nito, nalipat si Stefano Leone mula Milan, na kinalakhan nito, patungo sa Palermo dalawang taon na ang nakararaan.

Abogado si Stefano Leone. Isang hukom, ayon kay Lolo. Hindi nakalista ang numero nito sa phone book ng Palermo. Kaya tinawagan niya ang *Palazzo di Giustizia*, ang hukuman doon para lang magpaikut-ikot.

May halong kaba, dinampot niya ang makintab at abuhing cordless phone na sobrang hindi yata bumagay sa maalog na mesa na *Louis XVI* kung saan iyon nakalapag.

Walong beses na niyang nai-dial ang numero kaya saulado na niya iyon. Hindi talaga sigurado si Jamie kung sa tamang lugar niya hinahanap si Stefano Leone, pero wala na siyang ibang maisip

kung saan pa maghahanap.

"*Pronto*?" malat na boses ang sumagot sa kabilang linya ng telepono. Bumuntong-hininga si Jamie. Iba na namang boses ito. Araw-araw, iba-ibang tao ang nakakausap niya. Pero sa lahat ng pagkakataon ay may masidhing Sicilian accent ang lalaking nakakausap niya, napakalayo sa Italian na pinag-aralan niya sa Middlebury mula sa eleganteng Tuscan professor niya. Ni hindi niya makilala ang mga salita.

"Hello," aniya sa mabagal at maingat na Italiano. "Gusto ko po sanang makausap si Stefano Leone."

"*Attenda*." Sandali. Ito ang laging sagot sa kanya. Pagkatapos, ipapasa na siya sa iba't ibang boses. Dalawang beses pa nga na pinagsuspetyahan siya at matapang na tinanong. At ipinaliwanag niya nang buong linaw na makakaya niya, na ang pangalan niya ay Jamie, hindi James, at oo, pangalang babae ang Jamie. Maingat na binaybay na niya ang McIntyre nang halos isang dosenang—

Oo nga pala!

Halos matampal ni Jamie ang noo. Kung talagang doon nagtatrabaho si Stefano Leone—at wala namang nagkaila, ipinagkait lang nilang makalapit siya rito—

hindi nito makikilala ang pangalang McIntyre. Si Lolo ay ama ng mama niya.

"*Pronto*."

Naipasa na siya sa iba. Imbis na ulitin ang palagi na niyang litanya, ang sinabi niya, "Gusto ko pong makausap si Stefano Leone sa ngalan ni Professor Harlan Norris ng *Harvard University*."

Walang sagot. Lumagitik ang telepono at umulit iyon. May mahinang tunog mula sa linya, sapat para mahinuha niya na hindi pa napuputol ang kanyang tawag. Isa pang lagitik at pagkatapos, isang bagong boses muli ang nasa linya.

Isang makapangyarihang boses, naiiba sa lahat.

"Sino ito?"

Napatuwid siya ng upo. Ingles ang gamit ng boses na nagsalita, mababa na may matipunong katangian. Bahagyang nanginig si Jamie nang di niya mawari kung bakit.

"Sino ito?" ulit ng boses.

Bueno, yaman din lang at nagsalita ito sa Ingles, susubukan niyang maipaliwanag ang buong istorya ng pakay niya.

"Hello, ako si Jamie McIntyre at sinusubukan kong makausap si Mr. Stefano Leone. Apo ako ni Professor Harlan Norris. Naging propesor siya ni Stefano Leone sa *Harvard* mga labinlimang taon na ang nakalipas. Nasa Palermo ako para mag-aral at magbakasyon at may regalong ibinilin sa akin ang lolo ko para ibigay kay Mr. Leone. Ang gusto ko lang mangyari ay ibigay ang regalo sa kanya. Kung maaari po ninyong maikonekta ako sa—"

"Ako si Stefano Leone," sagot ng malamig na boses.

"Oh." Napakurap si Jamie. Parang hindi estudyante ni Lolo ang lalaki. Hindi ito boses *nerdy* at lalong wala itong nakakainip na boses. Mala-diyos ang tinig nito. "All right, Mr. Leone. Kung masasabi po ninyo sa akin kung saan ko puwedeng ilagak itong regalo para sa iyo, pupunta—"

"Saan ka tumutuloy sa Palermo?" singit nito, na parang hindi siya nagsalita.

"Ahm…" Sandali siyang nag-alangan saka napabuntong-hininga. Siguro naman hindi ipapahanap ni Lolo sa kanya ang isang rapist o serial killer. "Sa Via Costanza 24. Nasa—"

"Alam ko kung nasaan iyan. Anong palapag?"

Mas matagal ang pag-aalangan niya ngayon. “Pangatlo.”

“Anong pangalan ang nasa bell?”

Nagsisimula na siyang mainis. “Sandali lang, Mr. Leone, ang gusto ko lang gawin ay—”

“Anong pangalan ang nasa bell?” Mababa na ang boses; halos mahina, pero may tigas ng bakal sa tono nito.

Sumuko na siya. “Landi.”

“Sa loob ng kalahating oras, tatlong lalaki ang susundo sa ’yo. Mga pulis sila. Ang mga pangalan nila ay Buzzanca, Bonifacio at Della Torre. Ipapakita nila sa iyo ang identification nila. Siyasatin mo na totoo ang pagkakakilanlan nila at pagkatapos, sumunod ka sa kanila.”

Sumunod? “Makinig muna kayo, Mr. Leone,” mainit nang sabi ni Jamie. “Hindi ko maintindihan kung bakit—”

Isang kagyat na tunog ang narinig niya. Nagbaba na ito ng telepono.

Binabaan siya nito ng telepono!

Well… damn. Inis na napatitig si Jamie sa

receiver. Puwede kayang mabaliw sa buhay ang isang taong galing sa *Harvard*?

Kalahating oras daw, sabi ng lalaki. Nakakaloka, pero nahinuha niya sa boses na kapag sinabi nitong kalahating oras, sigurado iyon.

May pag-asam na tinapunan niya ng huling tingin ang caponata. Madaliang humiwa si Jamie ng tinapay, pinalamanan ng goat cheese at kinain sabay inom ng huling tikim ng alak.

Noong nasa kolehiyo, may kahati siya sa paggamit ng banyo at natutunan niya ang mabilisang pagsasabon at pag-shampoo. Kahit na magiging malamig mamaya pagsapit ng gabi, mainit pa rin at hindi niya matagalang magsuot ng napakaraming damit sa katawan. Nagsuot lang siya ng silk shell at magaan na cotton pants.

Dalawampu't siyam na minuto matapos ang tawag sa telepono, tumunog ang doorbell niya. Sumilip siya sa peephole.

Tatlong lalaki ang nakatayo sa harap ng pinto niya. Nakasuot ang mga ito ng unipormeng pang-militar at may dalang armas.

Sandaling nag-alangan si Jamie.

Lolo, sana po alam n'yo ang ginagawa n'yo. Matapos ang pag-usal na iyon, binuksan niya ang pinto.

Matapang ang hitsura ng mga lalaki sa suot na camouflage at commando berets. Umabante ang may pinakamatapang na mukha sa mga ito. "Signorina Maccatiro?"

Hindi, sa isip niya. *Pero puwede na rin.*

"Oo," sagot niya.

Parang may nag-utos, humugot ang tatlong lalaki sa bulsa at inilabas ang tatlong tsapa, bawat isa ay may tatak na five-pointed star ng Italian Republic sa ibabaw. Buzzanca, Bonifacio at Della Torre, gaya ng tinuran ni Stefano Leone. Dalawang *brigadieri* at ang nagsalita ay isang *maresciallo*. Buzzanca ang pangalan nito. "Kung maaari ay sumunod ka sa amin," anito.

Walang ideya si Jamie sa pagkakasunud-sunod ng mga ranggo sa kapulisan ng Italya, pero mukhang ang *maresciallo* ang nakatataas kaya ito ang kinausap niya.

"Puwede mo bang sabihin sa akin kung saan tayo pupunta?"

"Hindi."

Saglit na nanatiling nakatayo si Jamie, nag-iisip ng susunod na hakbang. Tahimik lang ang mga pulis, tila naghihintay kung ano ang gagawin niya.

"Sige na nga." Kasabay ang buntong-hininga ng pagsuko, kinuha ni Jamie ang regalong bigay ni Lolo at ang pitaka niya. Humarap siya sa tatlong lalaki. "Handa na ako. Tapusin na natin ito. Pero sabihin n'yo kay Mr. Leone na hindi ko gusto ang ganitong pagtrato."

Sa buong pagkabigla niya, imbis na tumungo sa hagdanan, inabot ni Maresciallo Buzzanca ang pitaka mula sa kamay niya, binuksan iyon at nag-apuhap.

"Teka!" galit na sambit niya. "Bakit mo kailangang—" Napatigil siya. Tapos na ang pagsiyasat nito. Mabilis iyon, masusi at impersonal. Iniabot nitong muli ang pitaka sa kanya at hinablot niya ito. Itinago nito ang cellphone niya, ibinulsa iyon, malamig na tumingin sa kanya nang mapasinghap siya sa pagkaramdam ng pang-iinsulto. Pagkatapos, kinuha ng *maresciallo* ang regalo mula sa mga kamay niya, inalog at sinimulang buksan ang balot.

Napanganga na si Jamie. Siya mismo ang nagdisenyo ng pambalot na iyon para sa abuelo. Kulay-pilak na mga librong nakakalat sa matingkad na asul na background. Humugot siya ng malalim na

hininga at pinilit pigilan ang sariling hampasin ang kamay ng lalaki. Kung wala lang itong nakakatakot na short-barreled machine gun na nakasabit sa sling, at itim at malaking pistol na nakasugpong sa balakang, baka ginawa na niya.

"Makinig ka sa 'kin, ikaw—ikaw na—"

Libro ang nasa loob niyon. Tiningnan iyon ng *maresciallo*, binuklat ang ilang pahina at saka muling ibinalot ang regalo, sinundan maging ang naunang pagkakadikit. Ibinalik nito iyon sa kanya at gusto na talaga niya itong tarayan dahil sa pagsira ng pambalot. Pero halos masinop pa rin naman ang regalo, kaya nanahimik na lang siya.

Walang salita, tumalikod na ang *maresciallo* at nagsimulang lumakad. Naghihintay na tumingin sa kanya ang dalawa pang pulis. Napahinga uli siya, bago sumunod sa nauna at nagpahuli naman ang mga ito.

Muling nakadama ng pag-aalinlangan si Jamie nang makitang hinihintay ng mga ito na sumakay siya ng kotse. Malaki iyon, madilim ang salamin na magtatago sa nakasakay. Oo nga, may marka iyon ng *Polizia di Stato* na nakaukit ng puti sa isang gilid. Gayunman, nagtumining sa isipan niya ang lahat ng gangster na pelikulang napanood niya. Sa lahat ng

pelikulang iyon, ang sumakay ng kotse kasama ng mga armadong lalaki na nakakatakot ang hitsura ay isang napakasamang ideya.

Tumigil siya sa bukas na pinto sa passenger side, inihawak ang isang kamay sa bubong ng sasakyan. Kumakabog ang dibdib niya. "Saan ba ninyo ako dadalhin?" tahimik niyang tanong.

"*Dal giudice*," ang sagot. Sa hukom.

Sumakay na si Jamie.

Hindi mahaba ang biyahe, pero dahil masyadong kumplikado ang rutang dinaanan nila, madali siyang nalito sa mga direksyon. Nang sa wakas ay huminto ang kotse, wala siyang hinagap kung nasaan siya. Bumaba ang *maresciallo*, inikot ang sasakyan at magalang na binuksan ang pinto para sa kanya. Nilampasan nila ang security gates at umikot sa isang mataas at marmol na building, bago humimpil sa aspaltong area sa likuran. Isang armadong guwardiya ang nagbabantay sa labas.

Binuksan ng tanod ang pinto para sa kanya nang tunguhin niya ang gusali.

Tirik pa rin ang araw, pero may kung ano sa katamlayan ng building, sa mga tahimik at armadong lalaki, at sa buong katahimikan na nagdulot sa kanya

ng panginginig. Iginiya siya pasulong ng obligasyon para sa kanyang lolo, pero nanatili sa kamalayan niya ang katotohanang kapag pinuwersa siya ng mga kalalakihang iyon, wala siyang magagawa para pigilan sila.

Alanganing humakbang si Jamie papasok. Madilim at walang hangin sa loob. Nanindig ang balahibo niya sa pag-aagam-agam. Isa pang armadong guwardiya ang umakay sa kanya patungo sa metal detector. Lumakad siya at mabilis, impersonal na kinapkapan.

Itinuro ng bantay ang bukas na pinto ng elevator at dalawa pa ring armadong guwardiya ang sumunod sa kanya sa loob niyon. Tumaas sila ng anim na palapag bago lumabas sa mahaba at tahimik na pasilyo. Naiilawan lang iyon ng ilang makulimlim na bumbilya at pansin ang amoy ng katad at papel at kalalakihan. Habang lumalakad sila sa pasilyo, malakas na lumalagutok ang sapatos ng mga guwardya. Tumigil sila at itinuro ng isang bantay ang isang saradong pinto. Humakbang siya palapit sa harap nito at itinaas ang kanyang braso. Tumango ang guwardiya at kumatok siya.

"*Avanti!*" tawag agad ng isang boses. Ito ang boses na narinig niya sa telepono.

Natagpuan niya rin sa wakas si Stefano Leone.

Binuksan ni Jamie ang pinto at tuluyang pumasok sa tahimik at malamig na kuwarto.

Halos hindi niya napansin ang tahimik na pagkabig ng pinto ng isa sa mga lalaki sa likuran niya. Hindi napansin ang simpleng dekorasyon o ang mga istanteng puno ng libro, na umabot hanggang sa mataas na kisame, at hindi matanaw ang ibabaw niyon sa dilim.

Buong atensyon niya ay napako sa lalaking nasa kabila ng malaking wooden desk. Nakaupo ito, pinag-aaralan ang mga dokumentong nasa ibabaw ng mesa.

Una niyang nakita ang mga kamay ng lalaki, aninag sa liwanag na itinatapon ng lampara sa mesa. Di-pangkaraniwang mga kamay. Malaki, malapad at makapangyarihan; mga kamay iyon ng isang mandirigma, hindi ng isang hukom.

Isa sa malakas na mga kamay ang umabot at bumuhay ng isa pang ilaw at napaatras si Jamie, nanlaki ang mga mata.

Nag-angat ng ulo ang lalaki. “Miss McIntyre?”

Tumango siya, tila may bikig sa lalamunan.

“Sa pagkakaintindi ko ay mayroon kang ibibigay

sa akin, tama ba?"

Parang may hipnotismong epekto ang malalim na boses na iyon sa kanya. Napatango siya uli. Hindi siya makapagsalita.

"Kung gayon ay lumapit ka."

Tumindig si Stefano Leone mula sa silyang may mataas na sandalan nang lumapit siya sa mesa. Napakatangkad ng lalaki. Malalaki ang mga matang sinundan niya ang pagtayo nito. Ang paningin ni Jamie ay natuon sa malinis, istriktong mukha ni Stefano Leone. Maitim, maalam na mga mata, prominenteng ilong, nakaanggulong panga, singkad at sensuwal na bibig. Mukha ito ng isang lalaking ipinanganak para mag-utos. Mukha ng isang emperor.

Kahanga-hanga, tigagal na naisip niya.

2

Kung ang babae ay isang pain na ipinadala para ipag-adya ako sa kamatayan, mahusay ang pagpili ng kaaway ko, naisip ni Stefano Leone.

Si Salvatore Serra ay isa sa pinakamapanganib na mga lalaki sa buong mundo. Malupit, tuso, at may malalim na pag-unawa sa kahinaan ng isang tao. At ang babaeng ito ay mapanganib na tukso.

Ang halina nito ay nadarama kahit mula sa sampung talampakan ang layo sa nadidilimang kuwarto. Nang bumukas ang pinto at pumasok ito, sandaling nasinagan ang babae ng liwanag mula sa pasilyo. Sapat para makita ni Stefano ang kabuuang hugis nito na tagos sa halos naaaninag na pantalon, binubunyag ang mahahaba at balingkinitang binti, maliit na baywang at mayumi't bilugang balakang. Nang ibaling nito ang mukha, nasulyapan niya ang pinong anyo nito, tulad ng nasa paboritong *cameo* ng kanyang ina.

Naaamoy niya ito mula sa kinatatayuan. Hindi ito bantad katulad ng pabango, manapa'y isang nakatutuksong kombinasyon ng mahalimuyak na sabon, shampoo at amoy ng babae.

Dahil laging may bantay, hindi nakipagniig sa babae si Stefano sa loob ng mahigit tatlong taon. Halos hindi nga siya nakakita ng kahit isang babae. Binuhay niya ang floor lamp sa tabi ng mesa at tinanaw ang dalagang palapit sa kanya.

Pinigil niya ang sariling gumalaw. Ang babae ay mapanganib. Makamandag na kagandahan.

Inisip niyang itim ang buhok nito, pero hindi pala. Matiim na pula ito, at may tipikal na kutis ng isang redhead. Malasutlang balat, dalawang mapulang pakpak ang mga kilay, asul na mga mata. Mga mata ng pusa.

Nasa mataas na antas ang air condition sa kanyang silid. Mas malamig ang temperatura rito kaysa sa hanging buhat sa pasilyo, at nasisilayan niya ang puno ng dibdib nito na naaapektuhan ng lamig. Mataas na nakatindig ang mga dibdib, matikas at bilugan, namimintog ang mga tuktok.

Hindi mahirap sa imahinasyon niya na alisin ang manipis na damit na tumatakip sa itaas na bahagi ng katawan nito, para makita ang maselan at mala-kremang kutis at kung ano ang magiging hitsura niyon kung hawakan ng mas kayumanggi niyang kamay. Sadyang napakaputi nito at ang mga tuktok ng dibdib ay mala-rosas at kung lalasahan ay tulad

ng berries in cream…

Cristo! Tatlong taong walang ugnayan sa babae, at ngayon, naaalala ng katawan niya ang bawat isa sa mahahaba at malulungkot na gabing iyon. Isang tuksong nagkatawang-tao ang partikular na babaeng ito. Ito ang kabuuan ng isang kaakit-akit na dalaga, na ang bawat bahagi ay ginawa para sa lalaki, upang damhin ng mga kamay, ng bibig.

Maaari ngang pinili ito para sa gayong kadahilanan.

Maaaring pinadala ito para patayin siya.

Bagaman hindi pa sa ngayon. Hindi inutil ang mga kaaway niya.

Sigurado ang magiging pagsiyasat ng mga tauhan niya. Hindi ito makakapagtago ng sandata sa pitaka at walang anumang panganib sa dala nitong regalo. Wala itong pantapat sa lakas niya.

Hindi, ang babae ay maaaring magdala ng hindi direktang panganib. Panglito, o pangbitag.

Pero sulit naman kung sakali, naisip niya. Pinagliwanag ng ilaw ang kanang bahagi ng mukha nito pero kahit iyon lang, ang nakikita niya ay isang walang dungis na perpeksyon.

"Miss McIntyre?" Ramdam niya sa sariling pandinig ang kapusukan sa kanyang boses. Ang kapusukan ng isang lalaking nabuhay nang tatlong taon sa ilalim ng death sentence.

"O-oo," utal na sagot ng kaharap.

Halata ang takot ng babae na sinusubukan nitong itago. Mabilis at mababaw ang paghinga nito at kinailangan niyang magtimpi upang hindi bumaba ang paningin patungo sa mayamang dibdib na bahagyang gumagalaw dahil sa paghinga nito. Gayunman, napakalinaw ng paningin niya. Wala sa loob na kagat-kagat nito ang pang-ibabang labi, dahilan para matanggal ang matingkad na pulang lipstick at lumabas ang mas lalo pang matingkad na kulay sa ilalim niyon.

Biglang nagkaroon ng imahe si Stefano na ang sariling dila niya ang nagtatanggal sa lipstick na iyon, nilalasahan ang malalambot at mapupulang labi, pagkatapos ay dadausdos pababa sa mga umbok ng dibdib nitong malinaw niyang naaaninag.

Mabilis na kumilos ang katawan niya sa sensuwal na pangitaing iyon at dumaloy ang dugo sa ibaba ng kanyang katawan.

Nagulat siya sa sarili. Hindi na siya doce

años, na kagyat nabubuhay ang pagkalalaki kapag napapalapit, nakakaamoy, o nag-iisip ng tungkol sa babae. Matanda na siya na kayang kontrolin ang anumang reaksyon ng kanyang pagkalalaki. Oo nga, matagal siyang naging tigang, sa bulgar na pananalita. Pero kahit pa.

Ang paggamit ng sex para ipain sa isang lalaki ang pinakaluma na yatang istratehiya. Ngunit hanggang ngayon ay epektibo pa rin. Isang nakakaakit na babaeng pulis sa Catania ang nagawang makuha ang pangalan ng sinugo ni Salvatore Serra sa N'drangheta, ang mafia sa Calabria. Nangako lamang ang pulis na makikipagniig sa lalaking kinausap, pero hindi na kinailangang maganap pa iyon.

Nakamamatay ang sex. *Tandaan mo iyan*, waring kinausap niya ang sariling pagkalalaki hanggang sa humupa ang init ng katawan.

Ilang araw na nagtangka ang babae na makausap siya, pero napigilan ito ng mahigpit na mga bantay sa kanyang paligid. Nang marinig niya ang pangalang Harlan Norris ay saka lang siya sumugal na makipagkita rito.

Oo, natatakot ang babae. Maaaring takot ito sa mga istrikto at mahigpit na tauhan ng militar na nakapalibot sa kanya. Ang mahigpit na seguridad at

mga armadong lalaki ay sapat upang maghatid ng takot sa sinuman.

Sa kabilang banda, maaaring ang takot nito ay takot ng isang emisaryong nagsasakatuparan ng isang mapanganib na misyon—ang ibulid siya sa kanyang kamatayan. Malaki ang posibilidad na sinugo ito ni Salvatore Serra.

Kailangan niyang kontrolin ang udyok ng katawan, kahit gaano pa kaakit-akit ang babaeng ito. Nakalaang magbuwis ng buhay ang mga taong pumuprotekta sa kanya. Hindi niya puwedeng biguin ang mga ito.

"Maupo ka, Miss McIntyre." Parang gustong matawa ni Stefano nang maisip ang iba't iba at kakatwang bersyon ng pangalan nito buhat sa mga tauhan niya. Wala naman kasing maraming McIntyre sa Sicily.

Nang mag-alangan ito, nilagyan niya ng matigas na awtoridad ang tinig. "Maupo ka. Please."

Hindi nito inialis ang mga mata sa kanya. Naghagilap ang kamay ng babae hanggang masalat ang silya at umupo. At tumitig. Malalaki ang mga mata nito, mahigpit na hawak sa mga kamay ang purse at regalo dahilan para mamutla ang mga kamao

ng kaharap.

"Ibibigay mo ba sa akin ang regalong iyan?"

Napakislot ito bago nagbaba ng tingin at parang nagulat sa regalong hawak.

"Oo nga pala," mahinang sabi nito. Mabini, umaalon at bahagyang humihingal ang boses nito. Nag-angat ito ng tingin at pilit na ngumiti. "Pasensya na." Iniabot nito sa kanya ang regalo at nagsagi ang mga kamay nila nang abutin niya iyon.

Napagtagis ni Stefano ang mga ngipin. Ang balat ng babae ay sing-lambot sa pandama tulad ng sa paningin. Mas malambot pa nga. Ang pinakamalambot na nahawakan niya sa loob ng… parang magpakailanman. Isang kulungang bakal ang buhay niya, napalilibutan ng mga bakal na nilalang. Walang kahit na anong malambot sa kulungan, kundi nakahihiwang mga sulok at gilid.

Naupo siya, bitbit ang regalo. Hindi iyon bomba. Si Buzzanca ay isang *arteficiere*, eksperto sa mga pampasabog. Nagawa na nitong i-defuse ang dalawang bomba na ipinadala para kay Stefano. Hindi hahayaan ni Buzzanca na may makalampas sa pagbabantay nito.

Kung tunay ngang galing iyon kay Harlan Norris,

ang matagal na niyang kaibigan, isang bagay lang ang naiisip niya kung ano iyon.

Maingat niyang inalis ang balot niyon. Matagal na niyang nasanay ang sarili na hindi magpakita ng anumang emosyon at walang anumang makikita sa mukha nang mabuksan ang balot ng regalo at iluwa ang isang libro.

Pinigil niya ang sarili na magpakita ng anumang katuwaan habang tinitingnan ang librong nasa kamay. Unang edisyon iyon ng *Foundation Trilogy* ni Asimov.

Sa pagkakaalam ni Stefano, si Harlan lang ang nag-iisang tao na pinagsabihan niya ng pagkahilig sa mga klasikong science fiction noong bata pa siya, partikular na ang mga sinulat ni Asimov.

Mayroong dalawandaang pahina ng mga tala sa bangko ang kailangan niyang tingnan, mula sa Cayman Islands kung saan umano dinadala ni Serra ang perang pinagbentahan ng droga. Bukod doon, kailangan din niyang basahin ang ilang daang pahina pa ng testimonya ng bumaligtad na dating miyembro ng Mafia.

Tatlong taon na buhat ng makabasa siya ng kahit anong hindi nauugnay sa kaso at paghuli kay Salvatore Serra. Pero sa gabing iyon alam ni Stefano

na hindi niya mapipigil ang sariling muling balikan ang mga kuwento ng tadhana ng sangkatauhan doon sa kalawakan.

Wala na siyang duda, galing nga ang librong iyon kay Harlan.

Pero ang babae kaya?

"Napakagandang regalo nito mula sa lolo mo," aniya, habang masusing pinagmamasdan ang dalaga. "Malamang naalala niya pa ang hilig ko sa science fiction. Bago ka umalis, gusto ko ring magbigay ng regalo sa kanya. Nagkokolekta pa rin ba siya ng cigarette holders?"

Nagsalubong ang mga kilay ng kaharap. Bahagya nitong iniumang ang katawan, dahilan para bumukas ang maluwang na suot nito at mahantad sa kanya ang kaaya-ayang tanawin ng makinis na balat mula sa leeg nito pababa sa punong dibdib. Abut-abot ang pagpipigil niyang tingnan ang mas higit pa roon.

"Paumanhin, Mr. Leone—Judge Leone," sabi nito sa malumanay na boses. "Nagkamali po yata kayo. Tabako ang kinokolekta ng lolo ko." Bahagyang nalukot ang ilong nito at tipid na ngumiti. "Mas luma at mas maamoy, mas mabuti."

Tama ang kausap. Iyon nga ang kinokolekta ni

Harlan. Mas luma at mas maamoy, mas mabuti.

Bumaling ang mukha ng babae sa liwanag—at nakita niya iyon.

Dinala si Stefano ng alaala sa isang maalwang silid sa Cambridge, labinlimang taon na ang nakalipas. Maraming beses na siyang bumisita sa lumang Cape Cod-style na tahanan ni Harlan noong nasa *Harvard* pa siya.

Isang gabi, matapos silang hainan ng kasambahay ni Harlan ng hapunan, na isa sa bihirang pagkakataon na totoong nakakain si Stefano habang nasa America, tumungo sila sa silid-opisina ni Harlan. Sa pagitan ng pagsimsim ng cognac at Cuban cigars, mainam nilang pinalipas ang oras habang nagtatangkang solusyonan ang mga problema ng mundo.

Napako ang tingin niya sa larawan ng isang nakatawang mukha na nasa pilak na kuwadro. Isang batang babae iyon, balingkinitan, pula ang buhok at balot ng braces ang ngipin.

"Apo ko siya," may himig pagmamalaking sabi ni Harlan.

"Ah… maganda po siya," magalang namang sagot ni Stefano.

Natatawang tumingin sa kanya si Harlan. "Hindi pa sa ngayon, Stefano. Di mo kailangang magsinungaling. Pero sinisiguro ko sa 'yo; magiging napakaganda niya paglaki. Nakikita mo ang nunal na iyon?" Itinuro nito ang kaliwang bahagi ng mukha ng batang babae.

"Opo," maingat na sagot ni Stefano.

"Ayon sa mga Pranses, iyon ay nasa posisyon ng 'kagandahan'. Maniwala ka. Magiging habulin siya ng tingin balang araw."

Disimuladong himig ng pagsang-ayon ang binigay ni Stefano at pagkatapos ay dumako na ang usapan nila tungkol sa bagong *Law of the Seas Treaty*.

May maliit na nunal sa kaliwang pisngi si Jamie McIntyre. Iyon ang posisyon na tinawag ng mga Pranses na 'kagandahan'.

Ito nga ang apo ni Harlan Norris.

Sumandal si Stefano at sa unang pagkakataon sa loob ng tatlong taon, tuluyang naglubay ang buong katawan niya. Kailan nga ba ang huling beses na nakipag-ulayaw siya sa isang magandang babae? Itong nakalipas na mga taon, hindi lamang siya nawalan ng pagkakataong magkaroon ng kaugnayan sa mga babae; halos nahungkag din ang kabuuan

niya.

Ano na ba ang nangyari sa kanya? Bago siya dumating sa Palermo, itinuturing niya ang sarili na sibilisadong tao—may urbanidad, edukado, sopistikado. Bago naibigay sa kanya ang kaso ng imbestigasyon kay Salvatore Serra, alam na alam niya kung paano makipaglaro sa magandang babae—at hindi kasama sa diskarte niya ang takutin ito.

Sa loob lang ng tatlong taon, nag-iba na siya—iniba niya ang sarili—na maging isang primitibong nilalang. Isang mangangasong bumaba sa asal ng tinutugis na hayop. Tinutugis niya ang isa sa pinakamababangis na nilalang. Unti-unti, lahat ng gayak ng pagiging sibilisado ay naglahong isa-isa, hanggang sa matira na lang sa kanya ay ang lakas, ang determinasyon niyang maibuwal si Serra at ang katapatan niya sa mga taong nagsisilbing buhay na bakod sa paligid niya. Hindi na niya alam kung paano makiharap sa isang magandang babae.

Bukod doon, isang magandang babae na apo ng isang taong nagpakita sa kanya ng kabaitan at paggalang, at kung kanino siya natuto ng mahusay na kaalaman sa international law. Nagpadala ito sa kanya ng napakabuting regalo, at ang isinukli niya rito—

Isinalang ni Stefano ang pinakamamahal nitong apo sa pagtuturing na katulad sa mga kriminal.

Hindi pa naman siguro huli para makabawi siya.

Sumulyap siya sa relo at napangiwi. Hindi na uubrang makabawi siya ngayong gabi. Nakatakda siyang makipagkita sa isang informer, na maaaring makapagbigay ng impormasyon tungkol sa isa pang taong makakapagturo ng pinagtataguan ni Serra. Iyon ang pinakabago sa mahaba at nakadidismayang pakikipag-ugnayan sa mga lamat ng lipunan, pero kailangan niya pa ring makipagkita. Kahit pa sanlibong haragan ang mawalan ng silbi sa kanya, ang pangsanlibo't isa ay puwedeng makapagsuko sa kanya sa kaaway.

"Gusto kong humingi ng paumanhin, Miss McIntyre. Nahihiya ako sa kung anumang iniisip mo ngayon. Humihingi ako nang lubos na pasensya sa naging pagtrato sa 'yo ng mga tauhan ko."

Napakunot uli ang kaharap niya. "Hindi naman po ako binastos o inabuso ng mga tauhan n'yo, Judge Leone."

"Tawagin mo na lang akong 'Stefano'."

"Stefano," mahinang ulit nito.

Ngumiti ang babae at bahagyang bumilis ang pagtibok ng puso niya. Pagkaalis nito, at hindi na balot ng pagnanasa ang utak niya, magagawa na niyang pag-isipan ang nakagugulat na katotohanan, na isang ngiti lang ng babae ang magpapakabog muli sa dibdib niya.

Binago ng ngiting iyon ang mukha ng babae, mula sa perpektong pagkalilok ay naging isang buhay na nilalang. Ang kumikinang na mga mata ay naging maamo. Kumilos ang makikinis na mga anggulo ng mukha nito at napagtanto niyang iyon ang natural na ekspresyon ng dalaga. Masigla at nakangiti.

Umikot ang paningin nito, dumako sa payak na dekorasyon, mga libro tungkol sa batas at mga bunton ng dokumento. Nang bumalik ang tingin nito sa kanya, walang ligoy ang pagtukoy nito sa buhay niya. "Mapanganib na mga tao ang hinahabol mo, kaya napakahigpit ng proteksyon sa paligid mo."

Kahangalan kung pasusubalian niya iyon. Hindi nagsalita si Stefano. Wala siyang maaaring sabihin. Tumango lang siya.

"Alam ko maraming matapang na hukom ang nasawi dito sa Palermo. Mabuti naman at todo ang pagpoprotekta sa 'yo ng mga tauhan mo."

Tauhan mo. Nagpabalik sa katinuan ni Stefano ang isiping iyon. "Ano ang ginagawa mo sa lugar na ito, Miss McIntyre?"

"Jamie na lang. Pero mahusay ang pagkakasabi mo ng 'McIntyre'. Masyado nang na-murder ang pangalan ko mula nang dumating ako dito."

"Okay, Jamie. Bakit ka nga nandito?"

"Tulad ng nasabi ko na sa 'yo sa telepono, nandito ako para mag-aral at magbakasyon. Isa akong designer at umaasa akong makahanap ng inspirasyon sa Palermo. Art at art history ang major ko at matagal na akong interesado sa arkitektura nitong siyudad. Hindi pangkaraniwan ang paghahalo ng Moorish, Romanesque at baroque na mga istilo. Inisip kong makakagawa ako ng ilang trabaho dito, at nagawa ko nga. Napakaganda ng lungsod na ito."

"Mmm." Payak ang himig ni Stefano. Natatanaw niya lang kasi ang Palermo sa likod ng tinted at bullet-proof na mga bintana. "Anong klaseng disenyo ang ginagawa mo?"

"Eclectic." Itinuro nito ang libro. "Halimbawa, ako ang nagdisenyo ng pambalot na iyan."

Dinampot niya iyon at ibiniling sa kamay ang makintab na papel. "Maganda."

"Salamat." Natahimik ito at gayundin siya. Nagniningning ang balat nito sa liwanag na parang perlas sa ilalim ng dagat. Kahit pa siguro may bombang sumabog sa kabilang kuwarto, hindi niya maiaalis ang titig dito.

Isang mahinang katok sa pinto ang nagpawala kay Stefano sa tila pagkaengkanto.

"Kailangan mo nang umalis." Hindi pinahalata ni Stefano ang panghihinayang sa boses. Ang isipin na aalis na ang babae ay nag-iiwan sa kanya ng labis na panghihinayang. "Pero ituturing kong karangalan kung sasaluhan mo ako sa hapunan bukas ng gabi." Ngumiti siya sa dalaga, nagulat pa siya sa sarili na alam niya pa pala kung paano. Gaano na ba katagal mula noong huling ngumiti siya?

"Sige, gusto ko iyan," sagot nito.

Umikot siya sa mesa at tumayo sa gilid ng silya ng babae hanggang sa makatayo ito, saka niya iginiya ang kamay sa likod nito patungo sa pinto.

Pinalaki siya ng ina na maging maginoo. Tumatayo siya, nagbubukas ng pinto, umaakay sa siko. Pero ang kamay niya sa likod ng babae ay walang kinalaman sa pagiging maginoo. Gusto niya—kailangan niyang mahawakan si Jamie. Ilang

hakbang mula sa mesa patungo sa pinto at tapos na. Napakaiksing paglalakbay.

Huminto sila sa pintuan. Hindi abot doon ang liwanag at bahagya niyang naaaninag ang kislap ng mga mata ng dalaga. Tahimik ang silid at dinig niya ang paghinga nito. Maging ang sarili niyang paghinga.

Dahan-dahan, iniangat ni Stefano ang kamay ng dalaga palapit sa bibig niya. Hindi niya dapat gawin iyon, pero hindi niya napigilan. Inihaplos niya ang mga labi sa balat ng dalaga, pinagtagal doon. Pinaglandas niya ang daliri sa likod ng kamay nito bago tuluyang binitawan at binuksan ang pinto.

Naroon si Buzzanca, nakahanda ang kamay para muling kumatok.

"Buzzanca," tawag niya sa Italian, nang hindi inaalis ang mga mata sa babae, "siguruhin ninyong ligtas na makakauwi si Signorina McIntyre." Derecho siyang tumayo bago ibinaling ang tingin. "Gusto kong ihatid mo siya hanggang sa pintuan niya. Isang utos iyan."

Sumaludo si Buzzanca. "Opo."

Sigurado si Stefano na matutupad ang gusto niya.

Ngumiti siya sa dalaga. “Magkita tayo bukas ng gabi,” mahina niyang sabi.

Tumaas ang dibdib nito sa paghinga. “Okay.”

Pinanood sila ni Stefano habang lumalakad sa corridor. Ang lalaking lubos na pinagkakatiwalaan at ang pinakamarikit na babaeng nakilala niya.

Bigla, nagkaroon siya ng pangitain.

Sinumang nakakakilala sa kanya ay magdududa sa ideyang magkakaroon ng pangitain si Stefano Leone. Isa siyang realist at abogado pa. Pero kung bigla man siyang nagkaroon ng biyaya ng panghuhula o bunga lang ng nag-aapoy na pagnanasa, iba ang nakita niya.

Nakita ni Stefano ang babaeng lumalakad sa ibang corridor, nakahubad ito sa pagkakatong iyon. Nakangiti at mapanuksong nililingon siya. Isa itong diwata sa kagandahan.

Nahabol niya ito at ikinulong sa mga bisig. Tumatawang nag-angat ito ng mukha at mabilis siyang kumilos. Kinuyumos niya ito ng halik hanggang sa hindi na ito tumatawa, bagkus ay sumasabay sa kanya ang pagkilos nito, magkadikit na ang kanilang mga katawan. Umabante siya kasama ito, hanggang maisandal niya sa dingding. Nilibot ng mga kamay

niya ang katawan nito, sabik na hinahaplos ang lahat ng bahaging nagpaparamdam ng pagnanasa ng babae sa kanya. Dinama niya ang kahandaan ng kaselanan nito. Katulad ng kahandaan nito sa maraming beses na pagniniig nila.

Tumulak ang init ng dugo pababa sa kanyang kaibuturan at napaungol siya. Nang mapasinghap si Jamie sa mga labi niya, hindi na nakapagpigil si Stefano. Waring nilalagnat na nagbukas siya ng pantalon at iniangat ang mga binti ng dalaga. Ramdam niya ang malakas na tibok ng puso nito sa nakahantad na mga dibdib, kumakabog habang inihanda niya ang pagkababae nito bago tuluyang pinag-isa ang kanilang mga katawan.

Nanginig siya sa nadamang init. Lumabas siya at muling umulos… lalong humapit ang babae, humigpit paikot sa kanya ang mga binti nito, at nagsimula siyang gumalaw, inangkin ito nang paulit-ulit …

Nang manghina siya at tumigil, nakaugnay pa rin siya sa kaibuturan nito, hinagod ng labi niya ang leeg nito. Nakasalikop ang mga braso nito sa kanya at ramdam pa rin niya ang pagnanasa sa pagkalalaki niyang nanatili sa loob ng kaniig, pero unti-unting nauubos ang kanyang lakas.

Gumalaw ang isang kamay niya mula sa katawan

nito at hinawakan ang tagiliran niya. Basa iyon.

Tumaas pa ang kamay niya, hanggang sa makapa ang dulo ng punyal na nakatarak sa kanyang tadyang, tagos sa puso niya, at nabatid niyang dugo ang unti-unting nawawala sa kanya, at nawawalan siya ng buhay—

"Magandang gabi."

Napapitlag si Stefano nang magbalik sa sariling diwa.

Nasa elevator na si Jamie McIntyre kasama si Buzzanca. Papasara na ang pinto.

Napasandal si Stefano sa pinto. Ano ang nangyari sa kanya? Mabigat ang paghinga at pinapawisan siya. Mabuti na lang at itinago ng dilim ang reaksyon ng katawan niya.

"Magandang gabi," ulit ng dalaga, sa mahina at papalayong tinig.

Desperadong hinugot niya ang paghinga.

"*Buona notte*." Garalgal ang boses niya. "Magandang gabi."

3

Dati nang nakatatanggap si Jamie ng bulaklak galing sa mga lalaki. Pero ngayon lang nangyaring tumanggap siya ng gayon nang alas ocho ng umaga, at dala ng isang armadong pulis na may sukbit na machine gun at baril.

Hindi siya nakatulog nang maayos sa unang pagkakataon buhat nang dumating siya sa Palermo. Pinuno ang panaginip niya ng mabalasik at maitim na mga matang nakamasid sa kanya mula sa dilim, ng mga punyal at espada at leon. Nagising siyang nanunuyo ang lalamunan, kumakabog ang dibdib kaalinsabay ng mga katok sa kanyang pinto.

Mabilis siyang nagsuot ng roba na humalik sa hubad niyang mga paa, at madaliang tinungo ang pinto. Balot na ng makapal na init ang hangin.

Sumilip siya sa peephole ng pinto bago iyon binuksan. Bumungad sa kanya ang isang sundalong matapang ang hitsura at nakakumpletong combat gear na hindi bagay ang hawak nitong napakalaking bungkos ng mga bulaklak. Mas nangibabaw ang halimuyak ng mga rosas, iris, lily at carnation sa amoy ng katad at gunmetal. Matapang at maitim na

mga mata ang sumilip sa pagitan ng makukulay na bulaklak.

Nakangiting tinanggap ni Jamie ang higanteng bouquet mula sa bisig ng sundalo.

Lumagutok ang hulihan ng boots nito. Isang masusing tingin, mabilis na pagsaludo at umalis na ito.

May sulat na nakadikit sa makinis at kulay kremang papel na nakabalot sa bulaklak, maiksi at derecho ang mensahe. *Susunduin ka ni Maresciallo Buzzanca alas ocho ng gabi*.

Nilagdaan lang iyon ni Stefano ng inisyal ng pangalan nito—SL—sa matingkad na sulat. Parang hindi iyon imbitasyon sa hapunan kundi utos mula sa hari.

Huminga siya nang malalim saka nagsimulang maghanap ng mga flower vase. Hindi sapat ang isang lalagyan para sa napalaking bouquet. Nauwi sa limang plorera at ilang bote ang nagamit niya. Kumalat sa buong apartment ang halimuyak ng mga bulaklak.

Sinundan ng mabangong amoy si Jaime habang bumababa ng hagdanan sa gitna ng tumitinding init.

Parang nahihilo siya sa pag-aabang buong araw. Nagplano siyang buong araw na magtrabaho sa *Botanical Gardens*, iguhit ang malalabay at matatandang puno ng palmera at ang Mediterranean oak na napalilibutan ng bougainvillea. Ang malaking parkeng iyon, na inabandona nang matagal na panahon, ay parang may impresyon ng isang mahiwagang hardin. Kahit katanghaliang tapat ay mahalumigmig at mahalimuyak doon. Ang kumikislap na tubig ng dagat na nasisilip sa pagitan ng matitingkad na bougainvillea, ang perpektong bughaw na langit sa itaas, ang mahinang himig ng mga umaandar na sasakyan sa *Foro Italico*, lahat ay nagbibigay ng inspirasyon sa kanya.

Maghapon siyang nag-drawing, para lamang tumigil nang mapagtanto na iginuguhit niya ang kamay ni Stefano Leone na nababalot ng patulis na sinag, at may hawak na espada. Saan nanggaling iyon? Ang gusto niyang iguhit ay iyong higanteng palmera, at naiisip niya ang golden brown pattern niyon ang gagawin niyang disenyo para sa upscale series ng mga tiles para sa banyo, pero lumipad yata ang diwa niya sa pag-iisip sa lalaki, at nang matuon uli siya sa puting papel, iyon ang lumabas—ang malaki at malakas na kamay nito ang buong detalyeng nakaguhit sa sketchpad niya, iwinawasiwas

ang espadang kumikislap sa liwanag.

Tandang-tanda niya ang kamay na iyon. Nakalapat sa mesa habang nakamasid ito sa pagpasok niya; nakahawak sa kamay niya habang inilalapit sa labi nito ang mga daliri niya; ang mainit na bigat niyon sa kanyang likod habang inaakay siya palabas…

Nanayo ang balahibo sa balat niya at kahit ngayon, ang alaala lang ng kamay na iyon sa likod niya ay sapat para magpabilis sa tibok ng kanyang puso. Wala na siyang magagawa pang trabaho ngayon, kaya umupo na lang siya sa wrought iron bench sa lilim ng puno ng palmera at hinayaang maglakbay ang kanyang isip…

Nang tumama ang sikat ng araw sa mga mata, gulat siyang nagising. Nakatulog pala siya sa upuan. At nanaginip. Na naman. Tungkol sa isang mandirigmang may nag-aapoy na mga mata at ang espada ay kumikislap sa liwanag.

Bakit ba hindi niya pinansin noon kapag napupunta ang usapan nila ni Lolo kay Stefano Leone? Panay ang kuwento ng lolo niya tungkol sa kung gaano kalawig ang kaalaman ng binata sa batas at kung gaano ito kahusay na estudyante, pero ang nagtumining lang sa isip niya ay *a grind in a suit*. Nakalimutang sabihin ni Lolo na napakaguwapo ni

Stefano Leone, na may mukhang ginawa para iukit sa antigong tansong barya. Hindi nito sinabi na parang emperor ang tikas ni Stefano, may awrang malakas at makapangyarihan na parang isang force field.

Ano ba ang sinabi ng abuelo niya sa kanya?

Napakayaman ni Stefano, ayon dito. Ang pamilya ng lalaki ay gumagawa ng makina para sa pagkamamahal na sports cars at ang kompanya ng pamilya nito ay bumilang na ng henerasyon. Nagpakasal ito sa babaeng mula sa isa sa mga aristokratang pamilya sa Italya—isang kontesa, ayon sa lolo niya, kasabay ang pagkindat nito—pero iniwan ito ng babae bago pa man nito tanggapin ang posisyon at trabaho sa Palermo na pabagsakin ang isang matinik na lider ng Mafia.

Nasa puwesto na ito sa Palermo nang isang mahistrado na kabilang sa imbestigasyon ang nahatulan dahil sa pagtanggap ng isang milyong euro bilang suhol, at pagkatapos ay nagkalasug-lasog dahil sa isang bomba.

Si Stefano umano ay hindi nasusuhulan.

Kaunting impormasyon lang iyon, pero sapat na para sabihin niya na isang mabuting tao ang binata. Isang taong dapat hangaan. Isang lalaki na maaari

sanang nabuhay sa layaw, pero mas piniling isugal sa panganib ang buhay para sa tamang katuwiran.

At isang lalaking binuhay nang husto ang lahat ng sensasyon sa katawan niya.

May artikulo siyang nabasa dati na naglalarawan tungkol sa siyensya ng *love at first sight*. Ang pagtatagpo umano ng mga mata, pagdadaop ng mga kamay at ang katawan ay babahain ng natural endorphins. Nanlalamig na mga palad, matinding pagkabog ng pulso at hinahabol na paghinga—pinapatunayan daw ito ng biochemistry.

Umabot siya sa kalahatian ng artikulo bago niya inilipat ang pahina. Wala namang kuwenta, ang naisip niya.

Mali siya, hindi pala iyon walang kuwenta.

Napabuntong-hininga siya, bago tumayo at lumakad na palabas ng parke. Napakurap siya sa sumalubong na ingay ng mga tao at busina ng mga sasakyan paglabas ng gate. Nagugol niya ang maghapon sa pangangarap kay Stefano bilang mandirigma sa makalumang panahon, pero rito siya nabibilang sa modernong mundo. Mayroong machine gun at cellphone sa halip na mga armas at kanyon. Imbis na espada ang winawasiwas, keyboard

ng computer ang tinitipa ng matitipunong kamay na iyon.

Nang makabalik sa tinutuluyan, sinubukan niyang tawagan ang abuelo. Alas cuatro na ng hapon, alas diez ng umaga sa oras nila. Ano kaya ang ginagawa nito ngayon?

Napangiti siya. Malamang nasa labas ito at iniistima ang alaga nitong mga rosas. O baka nasa opisina na ito, at tinatrabaho iyong wala na yatang katapusang talambuhay ng isang napaka-boring na French diplomat noong ika-labimpitong dantaon.

Pinakinggan niya ang patuloy na pagtunog ng telepono sa tinatawagan. Siguro nga ay nasa hardin ito. Bihirang umalis ng bahay sa umaga ang abuelo niya. Pinutol niya ang tawag, naghintay ng kalahating oras bago muling sinubukan. Gusto niya talaga itong makausap. Mahusay ang pang-amoy ni Lolo at malamang na mahalata agad nito ang interes niya kay Stefano; gayunpaman, alam niyang makakakuha pa siya ng maraming impormasyon mula rito.

Pero hindi nga yata muna ngayon. Hindi nito sinasagot ang tawag. Ibinaba na niya ang telepono. Tumunog agad iyon, lumikha ng ingay sa tahimik na silid.

"Hello?"

"Ano ang isusuot mo mamayang gabi?" Gumuhit ang kakaibang lamig sa katawan niya hatid ng malamig na boses ni Stefano Leone, makailang saglit bago niya naintindihan ang sinabi nito.

"Isusuot?" Nablangko siya. Ano ba ang isusuot niya? "Ah—" Sa gulat nang marinig ang boses ng lalaki sa halip ang marahil inaasahang tinig ng lolo, dumoble sa bilis ang pintig ng puso niya.

"*Bueno*?"

Walang pagkainip sa tono ng lalaki, pero nakikinita niya ito sa kabilang linya na nagsisimulang maningkit ang maiitim na mata habang hinihintay ang sagot niya.

"Berde," naisagot niya. "Berdeng bestida."

"Maiksi o mahaba?"

Nagtataka man, sumagot pa rin siya, "Maiksi. Mga hanggang tuhod."

"Hihintayin kita mamaya," sabi nito, at nagbaba na ng telepono.

"Okay." Parang hiningal siya habang nakatitig pa rin sa hawak na telepono. Hinintay niyang

humupa ang malakas na pagkabog ng dibdib bago nagsimulang hagilapin ang berdeng bestida niya.

Animo napakatagal ng oras at pagkatapos ay bigla na lang sumapit ang alas ocho. Tumunog ang doorbell eksaktong naglalagay na si Jamie ng mascara sa mata. Nagmamadali niyang pinatay ang mga ilaw at kinuha ang bag niya, at saka binuksan ang pinto.

Awtomatiko siyang napaatras at napakapit sa gilid ng pinto, nanlalaki ang mga mata.

Limang armadong lalaki ang bumungad, walang pamilyar sa mga ito. Tila sinundo siya ng isang batalyon.

"*Signora*." Isa sa mga ito ang humakbang at lumagutok ang takong ng sapatos bago inabot ang bag niya. Hindi na siya nag-abalang ilagay roon ang cell phone niya. Kukunin lang naman iyon sa kanya tulad nang nagdaang gabi.

Halos kasing-tangkad niya ang opisyal at maaaring kasing-edad din, pero larawan ng katandaan at katigasan ang mga mata nito. Kinuha nito ang susi sa kanya, sinusian ang pinto at saka isinauli. Matigas ang mukha nito, may pagtutol. Isinara nito ang pinto para sa kanya hindi gawa ng pagkamaginoo kundi

para sa seguridad.

Isang puwersa silang bumaba ng hagdanan, napapagitnaan si Jamie, paatras na lumalakad ang dalawa sa hulihan, nakahanda ang mga baril. Pagdating sa puno ng hagdanan, iniunat ng nangungunang opisyal ang braso nito tanda ng pagtigil.

Isang babaeng pula ang buhok at nakasuot ng berdeng bestida ang lumabas mula sa dilim at, kasama ang dalawang opisyal, mabilis na lumulan sa sasakyang pampulisya, na matuling humarurot.

Matapos ito, si Jamie naman ang isinakay sa isa pang hindi markadong kotse, at matulin ding tumakbo sa kataliwas na direksyon.

Mabilis ang pangyayari. Sa isang saglit nasa malamig na entrada siya ng tinutuluyang gusali, nang sumunod ay nasa gitna siya ng matinding init at pagkatapos ay nasa loob naman ng malamig at humaharurot na sasakyan. Ang ginintuang tanawin ay nagdilim dahil sa tinted na mga bintana. Nasa pagitan siya ng dalawang matipuno at armadong lalaki sa likuran ng sasakyan. Handa ang mga sandata nito ngunit hindi nakatuon sa kanya ang pansin kundi sa daang tinatahak. Walang nagsasalita.

Mabilis ang pagpapatakbo ng nagmamaneho, makailang ulit na nagpepreno bago magaspang na lumiliko, umiingit ang mga gulong, at napapasandal siya sa mga opisyal sa magkabila niya. Napamulagat ang mga mata ni Jamie nang makita ang gusali kung saan huminto sa wakas ang sinasakyan.

Palazzo Ravizza. Isang napakarikit na palasyong baroque ang estilo na siyang tinutuluyan pa rin ng orihinal na nagmamay-ari, ang mga prinsipe ng *Calderone*. Bahagi nito ang isang tunay na pribadong club, may iilang hapag-kainan na magagamit lamang kung may paunang reserbasyon, at kung may pahintulot ng prinsipe. Ang tagapagluto dito ay nagmula pa sa *Tour d'Argent* sa Paris at ang pagkain ay halos sing-mahal ng pang-isang buwang suweldo.

Muli, inakay siya papasok sa gusali na napapaikutan ng mga maskuladong lalaki. Pero pagsapit sa tapat ng malaki at makalumang pintuang kahoy na may bakal na hawakan at naiilawang sulo sa magkabilang tabi, huminto ang mga ito at umatras na.

Naiwan siyang mag-isa.

Pakiramdam ni Jamie, hindi siya pumapasok sa isa lang gusali, kundi sa isang bagong mundo. Kipit ang munting bag, huminga nang malalim si Jamie at

tinawid ang pasukan.

Dumako siya sa looban, asul na tiles ang mga dingding na *arabesque* ang disenyo at pataas, ang tanging lumiliwanag ay malalaki, nagliliwanag na sulo sa wrought iron brackets na nasa mga dingding. Sa ilalim ng mga arko sa ikalawang palapag, tumutugtog ang string quartet na pormal ang pananamit, pumapailanglang ang animo nagniningning na mga nota ng musika.

Isang lalaki ang lumabas mula sa anino; matangkad, abuhin ang buhok, nakapormal na kasuotan.

"Miss McIntyre. Maligayang pagdating sa *Palazzo Ravizza*." Mababa at banayad ang boses nito. Dinala nito ang kamay niya sa mga labi, agad ding pinakawalan, at humakbang paatras bago siya nginitian. Nakita na niya ang guwapong mukha nito sa maraming artikulo ng de-kalidad na babasahin ukol sa paglalakbay. Pero hindi naipakita ng mga larawan ang tunay na karisma ng lalaki.

Iniikot ni Jamie ang tingin sa magarbong tanawin. "Masaya po akong makarating dito, Kamahalan."

Nagyukod ng ulo ang kaharap, nangislap ang mga mata. "Tawagin mo akong Francesco, Hija. Isang

karangalan ang makaharap ka."

Napakurap siya. "Bakit po ninyo nasabi iyan, Kamahalan? Este, Francesco?"

Yumukod uli ito. "Ikaw ang natatanging panauhin ni Judge Leone kaya gayundin ang pagtuturing ko. Malaki ang utang na loob namin kay Stefano. Katuwang siya para mapatalsik ang isang salarin sa pinakamamahal kong Sicily. Matagal ko na siyang iniimbitahan, pero palagi siyang tumatanggi. Talagang natuwa akong malaman na maghahapunan siya dito kasama ang isang panauhin." Lumapad ang ngiti nito. "At ngayong nakita ko na ang bisita niya, naintindihan ko na kung bakit sa wakas ay lumabas na siya sa pag-iisa."

Isang katangian yata ng mga lalaking Italyano ang magbigay ng papuri nang hindi nagmumukhang mayabang. "Salamat."

Nawala ang ngiti nito. "Hindi," kalmadong sagot nito. "Ako ang dapat magpasalamat sa 'yo. Labis na ang pagtatrabaho ni Stefano. Kahit anong makakapagbigay sa kanya ng isa o dalawang oras na kapayapaan ay ikagagalak ko. Pero tama na nga. Halika na, naghihintay na siya sa 'yo. Papayag ka bang samahan kita?" Inilahad nito ang braso.

Kinuha iyon ni Jamie, pakiramdam niya ay nasa isang Regency novel siya. Na ang setting ay Palermo.

Umakyat sila sa kaaya-ayang hagdanang bato patungo sa ikalawang palapag, na sing-taas na halos ng ikaapat na palapag ng isang modernong gusali. Lumalakas ang tunog ng musika mula sa string quartet habang umaakyat sila. Tinutugtog ng mga musikero ang piyesa ni Mozart pero nang makaakyat si Jamie, sinimulan nilang tugtugin ang *Pachelbel's Canon*, isa sa mga paborito niya. Madalas niya iyong pakinggan habang nasa mga unang bahagi ng pagdidisenyo. Pinakakalma siya ng musika noon at sa pagkakataong ito.

Dahil, kasi… abut-abot ang kaba niya.

Bago sa kanya iyon.

Hindi pa kinabahan si Jamie sa mga naging date niya. Gusto man niya o hindi ng lalaki, bihira siyang mag-alala sa kung anuman ang kahihinatnan niyon. Pero ibang-iba ang sandaling ito. Hindi pa siya kailanman nagkaroon ng reaksyon sa isang lalaki tulad ng nagawa ni Stefano Leone sa kanya, na binubuhay ang buo niyang kalooban. Bawat hakbang paitaas kasama ang prinsipe, kung saan naghihintay si Stefano, tumitindi ang pagkabog ng dibdib niya. Napakasensitibo ng balat niya, parang

nararamdaman niyang humahaplos ang bawat nota ng musika sa kanyang buong katawan. Parang lumulutang ang ulo niya, kahit na ang ibang bahagi ng kanyang katawan—ang mga dibdib niya, ang kaselanan niya—ay waring namimigat, binubuhay ng dugo.

Hindi siya nagsuot ng bra at ang pang-itaas ng damit niya na nakasalikop sa dibdib ay hindi sapat na panakip. Hindi niya inasahan ang pamimintog ng mga tuktok ng dibdib niya sa ilalim ng manipis na kasuotan. Mabuti na lang at nanatili pa rin iyong nakatago.

Sanay si Jamie sa kalmado at regular na pagtibok ng puso niya. Ngayon triple ang bilis niyon, na para bang tumatakbo siya. Kinakapos siya ng hangin at halos habulin ang paghinga. Pakiramdam niya ay parang lumalakad siya patungo sa kamatayan, pero siyempre hindi naman. Lumalakad siya patungo sa lalaking bumuhay sa lahat ng pandama niya na hindi pa nagawa ng kahit sino. Isang masamang tadhana ang nararamdaman niyang mangyayari. O kundi man gayon, isang malaking pangyayaring hindi niya kontrolado, na babago sa buhay niya.

Bawat pandama niya ay nakaalerto. Sumasaliw sa tibok ng kanyang puso ang malamyos na musika.

Naaamoy niya ang silab ng mga sulo at kandilang umiilaw sa mga pasimano at sulok ng dinadaanan, humahalo sa bango ng bulaklak na jasmine na nakapulupot sa Doric columns sa unang palapag. Humaplos sa sensitibong balat niya ang banayad at mainit na hangin, na nagdulot ng pananayo ng balahibo sa kanyang mga braso.

Marahang nag-uusap ang mga kumakain sa patio at arkada sa unang palapag, parang musika rin ang tunog ng mga kubyertos at porselana.

Sa itaas ng hagdanan, inakay siya ni Francesco pakaliwa, palayo sa mga musikero, palayo rin sa mga parokyano sa ibaba. Lumakad sila sa ilaw ng sulo sa kabilang direksyon.

Napaka-elegante ng lahat, parang isang panaginip.

Tumigil sila sa harap ng malaking pintuang kahoy. Doon natapos ang mahiwagang panaginip, dahil nakabantay sa pintuan ang mga armadong kalalakihan. Isa sa mga ito ang bruskong lalaking nag-inspeksyon sa kanya nang nagdaang gabi. Si Buzzanca.

Tumigil si Francesco at mahinang nakipag-usap sa mga ito. Tumuwid ang mga ito sa atensyon, may

talas ang pagsagot ni Buzzanca sa prinsipe. Hindi masundan ni Jamie ang palitan ng mga salita, pero natanto niyang may kinalaman iyon sa kanya.

Humihiling ng kung ano si Francesco, pero tumatanggi si Buzzanca. Kasabay ng buntong-hininga, bumaling ang prinsipe sa kanya.

"Paumanhin, *cara*, pero kailangang mag-inspeksyon sa 'yo ang mga opisyal. Sinubukan kong kumbinsihin sila na huwag nang gawin iyon, pero mahigpit at seryoso sila sa kanilang trabaho. Kahit na ikinalulungkot ko ang abalang ito sa iyo, mautak at walang-awa ang mga kriminal na humahabol kay Stefano, at kaligtasan niya ang responsibilidad ng mga tauhan niya."

Kung ang mismong prinsipe ay hindi nakakuha ng pagtatangi para sa kanya, lalong hindi siya magtatangka. Payak na umabante si Jamie, ibinigay ang bag kay Buzzanca at idinipa ang mga braso gaya ng ginagawa sa inspeksyon sa paliparan.

Nakakatawa. Hapit ang damit niya. Ang kanyang bag ay maliit at sapat lang paglamnan ng ilang euros, susi ng bahay, at lipstick. Pero maingat pa ring sinuri nito iyon, kinapa pa maging ang lining ng bag. Pati ang pagkapkap sa kanya nito, pormal at impersonal tulad ng isang pulis.

Isa nga pala itong pulis.

Sanay na si Jamie sa reaksyon ng mga lalaki sa kanya. Mabuti nga, hindi agad naging pansinin ang kanyang ganda. Noong nagdadalaga pa lang siya, maliit siya, payat at may pulang buhok na hindi umayus-ayos. Masyadong malaki ang mga mata at bibig para sa mukha niya, at ni wala siyang dibdib. Talagang flat. Pero pagkatapos, bigla siyang tumangkad, nagkalaman ang katawan niya at umayos ang mukha, dahilan para magsimula siyang mapansin ng mga lalaki.

Nagulat pa si Jamie noong una, hindi alam kung ano ang igagawi. Kalaunan, nadiskubre niyang karamihan sa mga lalaki ay bastos kundi man iritable o manipulador, at minsan kumbinasyon ng tatlo. Pero kahit ano pa ang tipo ng mga iyon, pansinin pa rin siya.

Ang hindi siya sanay ay iyong lalaking parang hindi babae ang turing sa kanya. Na parang hindi siya tao. At parang may personal na galit sa kanya.

Iyon ang eksaktong inaasal ni Maresciallo Buzzanca. Napakapormal ng galaw ng mga kamay nito, pero madilim ang mukha, malamig at matiim na nakatitig ang mga mata sa kanya.

Saglit lang, napatunayan nito ang bagay na kahit isang bobo ay makapagsasabi—na wala siyang dalang armas. Kung tutuusin, mas mapanganib pa ang lalaki sa likod ng pintuang iyon kaysa siya rito.

Umatras na ang maresciallo, sumaludo sa prinsipe at sinabi, "*Va bene*."

Tumango si Francesco at nagpasalamat dito. Aminado si Jamie na hindi siya puwedeng ipuwera sa seguridad, pero hindi niya magawang magpasalamat sa opisyal. Tumango lang siya at humarap na sa prinsipe.

"*Cara*." Hinawakan nito ang kanyang kamay. "Lubos kong inaasahan na maging kaiga-igaya ang gabing ito para sa 'yo. Lubos ka sanang masiyahan sa pagkain at inuming ipinahanda ko. At sana makumbinsi mo si Stefano na bumisita nang madalas dito. Baka para sa 'yo, gawin nga niya, at talagang makapagpapasaya sa akin 'yun."

Sumabay ang tunog ng pagbukas ng pinto sa pagsayad ng mga labi nito sa daliri niya, na tila ang ginawing iyon ang salamangkang nakapagbukas sa mahiwagang pinto.

Ang kanang bahagi ng pinto ay bahagyang nakabukas. Itinulak iyon ni Francesco ng isang kamay,

habang ang isa pa ay umalalay sa likod niya. "*Avanti, cara*," bulong nito, at lumakad na siya papasok, magkahalo ang kaba at pananabik. Sumara ang pinto sa likuran niya, sinarhan ang lahat ng ingay mula sa labas maliban sa mahinang tunog ng musika.

Kahit ang silid ay purong mahika. Naiilawan ito ng daan-daan yatang kandila. Naroon ang mataas na kisameng puno ng *frescoes*, ngunit ang natatanaw niya lang ay mga ulap at kerubin. Isang malaking *Murano chandelier* ang nakalambitin mula sa ginintuang lubid sa gitna ng kisame, sinasalamin ng mga kristal niyon ang liwanag ng kandila.

Sa pagtawid ng kuwarto ay mayroong French windows na may maninipis na kurtinang sumasayaw sa hangin. Sa labas ay ang terasang bato, at sa kabila pa niyon ay isang harding naiilawan ng mga sulo at kandila sa babasaging lalagyan.

Isang lalaki ang tumayo mula sa nakahandang hapag malapit sa bintana at ang kabog sa dibdib niya ay nagsimulang bumayo. Halos hindi siya makahinga habang pinapanood ang pagtawid ni Stefano patungo sa kanya.

Mas matangkad pa ito kaysa sa pagkakatanda niya. Mas lalong matikas, mas makarisma… lahat ng mas. Nilikha yata ito para paligayahin ang mga

babae, pero may purong katigasan sa likod ng hitsura at pag-uugali.

May lamlam sa mukha nito nang tuluyang makalapit sa kanya. Pero sa huling sandali, ngumiti ito at tuluyang nagrigodon ang puso niya. Walang salita, yumuko ito at hinalikan siya.

Ibinuka ni Jamie ang bibig at huli na nang maapuhap na isa lang dapat iyong halik ng pagbati. Pero kung para sa anuman ito nag-umpisa, agad itong nagbago. Pareho silang napasinghap, na parang may kung anong tumusok sa kanila.

Hindi masakit ang halik; bagkus isa iyong kuryenteng gumuhit at naghatid ng apoy.

Naningkit ang mga mata ni Stefano nang mag-angat ng ulo. Hindi sapat ang haba ng halik para mamasa ang mga labi nito, pero halata na agad sa hitsura nito ang nagising na pagkalalaki—mga labing buhay, namumulang mga pisngi, malakas na paghinga mula sa ilong. Pumipintig ang isang ugat sa sentido nito.

"*Dio mio*," anas ng lalaki. "That was… something."

Walang naisagot si Jamie. Ni wala siyang maikatuwiran sa nangyari.

Dati, napakalamig niya sa mga lalaki. Lahat ng mga kaibigan niya ay hinahangaan ang kanyang *sang-froid*. Kontrolado niya lagi ang sarili, nakahiwalay ang kabuuan sa mga nangyayari, maging sa pakikipagniig.

Ngayon ang pakiramdam niya ay para siyang nilatigo, nakahantad ang kanyang balat at damdamin sa sinuman. Lalo na sa lalaking kaharap. Sigurado siyang halata nito ang mabilis na tibok ng kanyang puso. Ang dugong dumaloy sa mga dibdib at kaselanan niya—nakikita rin iyon ng lalaki.

Ito ang oras para umatras muna siya at magpatawa. O humingi ng inumin o kaya'y magbigay ng komento tungkol sa lugar.

Sa halip, napako si Jamie sa kinatatayuan. Nakatingala sa lalaking masidhing pumukaw sa kanya at halos hindi na niya maigalaw ang katawan.

"Help," bulong ng lalaki, inilapat ang noo sa kanya, nakapikit ang mga mata. "May mabuting asal ako, promise. Turo ng nanay ko. Ulitin natin. Tatayo ako pagpasok mo, sasalubungin kita, hahalikan ko ang kamay mo. Sasabihin ko uli na masaya ako dahil pinaunlakan mo ang imbitasyon ko. Tatanungin ko kung kumusta ang naging araw mo."

"At sasabihin kong masaya ako na makarating

dito at okay naman ang naging araw ko, at kumusta naman ang sa 'yo." Nagawang ngumiti ni Jamie, sa wakas ay nawalan ng bara ang lalamunan niya upang makapagsalita.

Bumukas ang mga mata nito at naumid na naman siya. Derecho ang titig nito, matalim, ang mga mata ay sing-kulay ng espadang nasisinagan ng buwan. Dark gray, halos itim na nga, at mapang-arok. Bumaba ang titig nito sa mga labi niya at para na niyang nadama ang halik nito.

"At sasabihin ko na ayos lang din ang araw ko. Pero para sa pagpipitagan lang ang lahat ng iyon," bulong nito, bumalik uli sa kanya ang titig. "Ang totoo, hindi ako makapag-concentrate sa trabaho. Buong araw, ang iniisip ko lang ay halikan ka."

"Ako rin," bulong din ni Jamie, hindi na nagawang magsinungaling ng utak niya.

Alam na alam niya kung paano itatrato ang mga lalaki at ang rule number one ay huwag ipaalam sa mga ito na naaapektuhan ka nila, kailangan ang ipakita mo ay malayo at malamig na pakikitungo. Sa lagay niya ngayon, lumipad na ang tuntuning iyon.

Wala siyang maitatago sa lalaking kaharap. Para siyang may kakaibang koneksyon dito na

nagpapaguho ng lahat ng depensa niya.

Kahit sinong lalaki ay mapapangiti sa pag-amin niya. Ang mga lalaki at babae ay parang may palagiang labanan kapag nagtagpo, umaani ng puntos ang bawat panig. Ang sinabi niya ay dapat nagbigay ng puntos dito. Pero ang hitsura ni Stefano ay para bang hindi sa naka-score. Sa sinabi niya, humigit ang balat sa mga pisngi ng lalaki, naningkit ang mga mata, at nagtagis ang bagang.

Mas maalab ang halik nito sa pagkakataong iyon, mas malalim, mas mapusok.

Tuluyan na siyang nahulog sa bangin. Humigpit ang mga bisig nitong nakayakap sa kanya, itinaas siya upang salubungin ang halik ng lalaki, bukas ang bibig, lalo pang lumalim ang pagsimsim. Bawat pagdadaop ng mga dila nila ay nagdulot ng kuryenteng dumaloy sa kanyang buong katawan. Tila nauupos na nangunyapit siya sa mga balikat ng lalaki, pero alam niyang hindi siya mahuhulog. Mahigpit na nakayakap ang matitipunong braso ng binata, dama niya ang mga butones ng suot nito, ang pantalon nitong kumikiskis sa mga binti niya.

At ang buhay na pagkalalaki ni Stefano na nakahulma sa puson niya.

Kumilos ang mga braso nito, lalo pang hinigpitan at inilapit ang katawan sa kanya, at wala siyang nagawa kundi sabayan ang galaw nito. Lalong naghumindig ang pagkalalaki nito, dama niya ang pagpintig niyon, halos parang nasa kaibuturan na niya.

Muling nag-angat ng ulo si Stefano. Tila nasasaktan ang hitsura ng lalaki. Matiim ang pagtatagis ng mga kalamnan sa mukha nito. Basa na ang mga labi. Malalim ang pahinga at ramdam niya ang paggalaw ng dibdib nito. Malinaw niyang nakikita ang epekto niya rito, bakas sa mukha at katawan.

Tulad ng nakahantad din na epekto ng lalaki sa kanya.

Tama ang sinabi nito.

Saklolo.